



## Paghahanap ng Tulong sa Imigrasyon

**Babala: Ang mga notario público (o mga consultant sa imigrasyon) ay *hindi maaaring* magbigay ng payo sa imigrasyon.**

Sa Estados Unidos, ang mga notario público (o mga consultant sa imigrasyon) ay hindi mga abogado. Wala silang pormal na pagsasanay sa batas sa imigrasyon. At, hindi sila awtorisado ng pamahalaan ng Estados Unidos para kumatawan sa inyo sa inyong kaso sa imigrasyon. Maaari nilang patunayan ang inyong pagkakakilanlan at ang inyong lagda, ngunit hindi sila kwalipikado na magbigay ng payo sa imigrasyon o tumulong sa isang aplikasyon sa imigrasyon.

**Mayroon bang ibang mga serbisyo sa imigrasyon na dapat kong iwasan?**

- Iwasan ang mga consultant sa imigrasyon at visa.
- Iwasan ang mga ahensiya sa paglalakbay at ang mga opisina para sa pag-aari ng mga bahay at lupa (real estate) na nag-aalok ng payo sa imigrasyon.
- *Huwag* maniwala sa sinuman na nagsasabi sa inyo na mayroong isang sekretong bagong batas sa imigrasyon o isang amnestiya.
- *Huwag* maniwala sa sinuman na nagsasabi na siya ay mayroong isang espesyal na koneksyon sa anumang ahensiya ng pamahalaan ng Estados Unidos.

**Ang mga notario público at mga consultant sa imigrasyon ay nakakapinsala sa mga imigrante.**

Dahil sa ang mga notario público at mga consultant sa imigrasyon ay walang pormal na pagsasanay sa batas sa imigrasyon, kadalasan sila ay nagsusumite ng mga maling aplikasyon sa imigrasyon at nalalaktawan ang mga mahalagang huling araw ng pagsusumite.

### **Tungkol sa Gabay na ito**

Ang gabay na ito ay ginawa ng Legal Aid Society of Northeastern New York sa pakikipagtulungan sa New York LawHelp Consortium at Pro Bono Net, na may suporta mula sa programa ng Legal Services Corporation Technology Initiative Grant.

Upang basahin ang lahat ng mga gabay sa seryeng ito, bisitahin ang [LawHelpNC.org](http://LawHelpNC.org) o [LawHelp.org](http://LawHelp.org).

Ang mga kamaliang ito ay maaaring mag-iwas sa inyo na makakuha ng legal na estado sa imigrasyon sa hinaharap. Ang ilang mga notario público at mga consultant sa imigrasyon ay kinukuha lamang ang inyong pera at kailanman ay hindi isinusumite ang inyong aplikasyon sa imigrasyon.

### **Ako ay napinsala ng isang notario público o consultant sa imigrasyon. Ano ang maaari kong gawin?**

Ang mga notario público at mga consultant sa imigrasyon ay nananatili sa negosyo dahil takot ang mga imigrante na magreklamo tungkol sa kanila. Kung kayo ay napinsala ng isang notario publiko o consultant sa imigrasyon, pumunta sa [www.stopnotariofraud.org](http://www.stopnotariofraud.org) o tawagan ang (202) 442-3363 para sa isang listahan ng mga ahensiya na makakatulong sa inyo.

### **Saan ako makakakuha ng payo sa imigrasyon?**

Dapat lamang kayo kumuha ng payo sa imigrasyon mula sa (1) *isang lisensyadong abogado* o (2) *isang kinikilalang (accredited) kinatawan* ng isang ahensiyang hindi kumikita na kinikilala ng Board of Immigration Appeals (Lupon ng mga Apela sa Imigrasyon o BIA) ng pamahalaan ng Estados Unidos.

### **Ano ang isang lisensyadong abogado?**

Ang isang lisensyadong abogado ay isang tao na mayroong balidong lisensya mula sa isang partikular na estado para magsagawa ng batas. Para malaman kung ang isang abogado ay mayroong isang balidong lisensya at pinahihintulatang kumatawan sa inyo sa harapan ng mga opisyal ng Imigrasyon sa Estados Unidos:

- Tanungin ang abogado, "Saang estado kayo lisensyado para magsagawa ng batas?" Maaari din ninyong hilingin na makita ang lisensya at isulat ang numero ng lisensya.
- Pagkatapos, makipag-ugnayan sa "samahan ng bar ng estado" o sa sistema ng hukuman ng estado para malaman kung paano i-tsek kung ang lisensya ay balido at kung ang abogado ay nasa "mabuting katayuan." Para sa listahan ng mga samahan ng bar ng estado, pumunta sa [www.americanbar.org/groups/bar\\_services/resources/state\\_local\\_bar\\_associations.html](http://www.americanbar.org/groups/bar_services/resources/state_local_bar_associations.html)

- Huwag *gumamit* ng isang abogado na nasa listahan na ito: [www.justice.gov/eoir/discipline.htm](http://www.justice.gov/eoir/discipline.htm). Ang mga abogado na nasa listahan na ito ay hindi pinapahintulutan na magsagawa sa harapan ng mga opisyal ng Imigrasyon ng Estados Unidos.

### **Ano ang isang kinikilalang (accredited) kinatawan?**

Ang isang kinikilalang (accredited) kinatawan ay isang tao na nagtatrabaho para sa isang ahensiyang hindi kumikita na kinikilala ng Board of Immigration Appeals (Lupon ng mga Apela sa Imigrasyon o BIA) ng pamahalaan ng Estados Unidos.

Para sa isang listahan ng mga kinikilalang (accredited) kinatawan sa inyong lugar, pumunta sa [www.justice.gov/eoir/ra.html](http://www.justice.gov/eoir/ra.html)

### **Paghahanap ng tulong sa imigrasyon**

Karamihan sa mga ahensiyang hindi kumikita sa buong Estados Unidos ay nagbibigay ng libre o mababang halagang tulong sa imigrasyon. Para makahanap ng libre o mababang halagang tulong sa inyong lugar, pumunta sa:

- [LawHelpNC.org](http://LawHelpNC.org)
- Tulong sa Batas sa Imigrasyon – [www.immigrationlawhelp.org](http://www.immigrationlawhelp.org)
- Mga Katolikong Kawanggawa  
[www.catholiccharitiesusa.org/page.aspx?pid=292](http://www.catholiccharitiesusa.org/page.aspx?pid=292)

Kung hindi kayo kwalipikado para sa libre o mababang halagang tulong sa imigrasyon, makipag-ugnayan sa Samahan ng mga Abogado sa Imigrasyon ng Amerika sa [www.aialawyer.com](http://www.aialawyer.com) para i-refer sa isang lisensyadong abogado sa imigrasyon.

### **Para sa Karagdagang Impormasyon**

Naghahanap ng karagdagang impormasyon sa paksang ito? Bisitahin ang LawHelp.org at piliin ang inyong estado upang maghanap ng ibang mga mapagkukunan na makakatulong sa sarili at impormasyon tungkol sa libre at mababang halagang mga tagapagkaloob ng legal na tulong sa inyong lugar.

### **Pagtatatuwa ng Pananagutan**

Ang gabay na ito ay inihanda para lamang sa mga layunin ng pangkalahatang impormasyon. Ang impormasyong nilalaman nito ay hindi isang legal na payo. Ang legal na payo ay depende sa mga partikular na kalagayan ng bawat sitwasyon. At saka, maaaring mag-iba ang batas sa bawat estado. Ang ilang impormasyon sa gabay na ito ay maaaring hindi wasto para sa inyong estado. Upang maghanap ng mga lokal na mapagkukunan, bisitahin ang LawHelpNC.org..